



# Pacific Blue Cross

**Karagdagang Pagsisegurong Pangkalusugan**

**Pagsisegurong Pangdentista**

**Pagsisegurong Pangmedikal na para sa Emergency**

Ano ang Karagdagang Pagsiseguro para sa Pangangalagang Pangkalusugan?

Ang mga plano para sa pangangalagang pangkalusugan ng pamahalaan ng ating province, ang MSP at PharmaCare, ay sinasaklaw lamang ang pangunahing mga pangangailangang pangmedikal na gaya ng pagpapatingin sa inyong doktor o emergency na pagpapaospital. Kabilang sa karagdagang pagsiseguro para sa pangangalagang pangkalusugan ang mga serbisyong at panustos pangkalusugan na HINDI saklaw ng mga plano para sa pangangalagang pangkalusugan ng pamahalaan ng ating province.

Bakit mahalaga para sa akin ang magkaroon ng Karagdagang Pagsiseguro para sa Pangangalagang Pangkalusugan?

Mahalaga para sa mga tao at mga pamilya ang magkaroon ng karagdagang pangangalagang pangkalusugan na higit pa sa mga babayaran ng mga planong ipinagkakaloob ng pamahalaan ng province. Sinasapat ng Pacific Blue Cross itong pangangailangan sa pagkaloob ng karagdagang pagsisegurong pangkalusugan na saklaw sa pagsiseguro ang mga gamot na inireseta ng doktor, di-pangkaraniwang pangangalagang pangkalusugan, pangangalagang para sa paningin, pandentista at marami pang iba.

Kailan ko dapat pag-isipan ito?

Ang naaangkop na panahon para bumili ng karagdagang pagsiseguro para sa pangangalagang pangkalusugan ay kapag kayo at/o ang inyong pamilya ay walang sakit. Sapagkat hindi sinasama ng karamihan ng karagdagang pagsiseguro para sa pangangalagang pangkalusugan ang mga sakit na maaaring mayroon na kayo, kailangan kayong kumuha ng pagsiseguro bago mangyari ang anumang haharapang hindi inaasahang aksidente o pagkakasakit.

Sino ang mga karapat-dapat para sa pagsisegurong ito?

Ang aming Individual Plans [Mga Plano na Pang-isa] ay makukuha ng lahat ng residente ng British Columbia at ng Yukon kapag kayo ay naka-enroll sa Medical Services Plan of BC o sa Health Care Insurance Plan of the Yukon. Ang pagsiseguro ay makukuha rin ng mga aplikante na hinihintay na magkabisa ang pagsiseguro na mula sa pamahalaan ng province.

Kailangang ang mga taong may-ari ng polisa sa seguro ay hindi mas bata sa 19 taong gulang. Para sa mga taong wala pang 19 taong gulang na gustong mag-aplay para magpaseguro sa isa sa aming mga plano, kailangan silang humirang ng isang taong nasa hustong gulang bilang may-ari ng kanilang polisa sa seguro.

Saan at paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa karagdagang pagsisegurong pangkalusugan?

May makukuhang pagsiseguro sa Pacific Blue Cross para sa pangangalagang pangkalusugan, pagpapadentista, at pagsisegurong pangmedikal na para sa emergency kapag nagbibiyaha sa ibang lugar. Kontakin ang Pacific Blue Cross para makausap ang isa sa aming mga Service Representative para sa karagdagang impormasyon.

### **Nagbebenta ng mga Individual Plan at Sinasagot ang mga katanungan tungkol dito**

Telepono: 604 419-2200

Fax: 604 419-2199

Email: [inhealth@pac.bluecross.ca](mailto:inhealth@pac.bluecross.ca)

### **Walang-bayad na Tawag sa Labas ng Greater Vancouver Area:**

1 800 USE-BLUE (1 800 873-2583)

### **Direksiyong Pinadadalhan Ng Sulat:**

Pacific Blue Cross

Individual Plans

PO Box 7000

Vancouver BC V6B 4E1